



ST PAULS MEDIA **pastoral ministry**

AMBUHAY



SUNDAY • TV MARIA • 8:30AM • 7:00PM
LIVE DAILY WORKERS' MASS ONLINE • 6:15AM

FOLLOW US ON [FACEBOOK](#) • [YouTube](#)




Taon 34 Blg. 48

Ikalawang Linggo ng Kuwaresma (B) — Lila

Pebrero 28, 2021

PAGBABAGONG-ANYO KASAMA NI KRISTO



Kung pagtutuunan ng pansin, may biglang pagbabago sa ritmo ng Ikalawang Linggo ng Kwaresma. Noon lamang nakaraang Miyerkules ng Abo, damang-dama natin ang panglaw sa espiritu ng Kwaresma. Kinilala natin sa pamamagitan ng tanda ng abo sa ating noo na tayo’y mga alabok lamang at sa alabok din babalik. Kasabay nito ang utos ukol sa pag-aayuno, pagkakawang-gawa, at pagdarasal. Mula sa dating berde, kulay lila na ngayon ang nangingibabaw na kulay sa mga lituhikong pagdiriwang. Pakikibaka naman laban sa iba’t ibang uri ng tukso ang tema noong nakaraang Linggo kung saan hinihikayat tayo na tularan si Hesus upang maituon ang sarili sa pagtupad ng kaloo-ban ng Diyos.

Ngayon naman, inilalahad sa atin ng Simbahan ang “ningning” na sumisiwalat sa pagbabagong-anyo ni Hesus, “naging puting-puti, ang kanyang kasuotan, anupa’t walang sinumang makapagpapaputi nang gayon.” Para bagang nasa Muling Pagkabuhay na tayo. Sa gitna ng penitensiya ng Kwaresma, tila

Kung paanong binuhat ni Isaac ang kahoy na paggatong, binuhat din ni Kristo ang kahoy ng

Krus papuntang Kalbaryo. Ngunit hindi tulad ni Isaac, walang pumigil sa pag-aalay ng buhay ni Kristo. Sa dalawang larawan ng pag-aalay ni Abraham kay Isaac at ni Kristo, nangingibabaw ang katapatan. Sa huli’y mapapantunayan na ang pag-aalay ng buhay nina Isaac at Hesus ay hindi hungkag sa kahulugan ngunit patungo sa gantimpala ng kaluwalhatian.

Sr. Nimfa Ebor, PDDM

wala sa lugar ang matagumpay na tunog ng Ebanghelyo ngayon.

Marahil nasa Unang Pagbasa ang sagot sa tanong kung bakit ito ang ating Ebanghelyo ngayong Linggo. Ang Unang Pagbasa ay kwento ni Abraham noong utusan siya ng Diyos na ialay ang kanyang nag-iisang anak na si Isaac. Walang pasubali ang pagsunod ni Abraham. Sa huli’y ginamtimpalaan siya ng lahing sindami ng bituin sa langit at ng buhangin sa dagat. Sa pamamagitan din niya, pagpapalain ng Diyos ang lahat ng bansa sa daigdig.

Nakikita ng Simbahan kay Isaac ang anyo ni Kristo – ang kaisa-isang anak na inaalay.

Dahil nasaksihan ng mga alagad ang pagbabagong-anyo ni Hesus, may sapat na lakas at pag-asa sila para sa hinaharap na pagsubok. Ito din ang mensaheng layunin ng ating mga pagbasa. Ang ating mga pagtitika, penitensiya at pagkakawang-gawa ngayong Kwaresma ay hindi hungkag sa kahulugan. Ito’y pagbabagong-anyo ng bawat Kristiyano kasama ni Kristo. Inihahatid tayo ng Panahon ng Kwaresma patungo sa kaluwalhatian ng Muling Pagkabuhay sapagkat “kung tayo’y namatay nang kasama ni Kristo, naniniwala tayong mabubuhay rin tayong kasama niya” (Rom 6:8).

PASIMULA

Antipona sa Pagpasok

(Slm 27:8-9)

(Basahin kung walang pambungad na awit)

Ako ay iyong tinawag upang mukha mo'y mamalas. Ang mukha mo ay marilag, nag-aangkin ng liwanag, ipakita mo't ihayag.

Pagbati

(Gawin dito ang tanda ng krus)

P – Sumainyo ang Panginoon.

B – At sumaiyo rin.

Paunang Salita

(Maaaring basahin ito o isang katulad na pahayag)

P – Sa pagbabagong-anyo ni Hesus, ipinakita niya na ang liwanag ng kanyang kaluwalhatian ay nagmumula sa pagtanggap niya sa lahat ng paghihirap at pag-uusig, alinsunod sa mga nasusulat sa aklat ng mga Propeta at ng Batas.

Katulad ng pagtanggap ni Hesus sa kanyang Krus na siyang nagdulot ng kanyang kaluwalhatian, mamulat nawa tayo sa katotohanang ang mga pagsubok sa buhay ay nagpapatibay sa ating pananampalataya at pag-asa.

Pagsisisi

P – Mga kapatid, aminin natin ang ating mga kasalanan upang tayo'y maging marapat gumanap sa banal na pagdiriwang. *(Tumahimik)*

B – Inaamin ko sa maka-pangyarihang Diyos at sa inyo, mga kapatid, na lubha akong nagkasala *(dadagok sa dibib)* sa isip, sa salita, sa gawa, at sa aking pagkukulang. Kaya isinasamo ko sa Mahal na Birheng Maria, sa lahat ng mga anghel at mga banal at sa inyo, mga kapatid, na ako'y ipanalangin sa Panginoong ating Diyos.

P – Kaawaan tayo ng maka-pangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

B – Amen.

P – Panginoon, kaawaan mo kami.

B – Panginoon, kaawaan mo kami.

P – Kristo, kaawaan mo kami.

B – Kristo, kaawaan mo kami.

P – Panginoon, kaawaan mo kami.

B – Panginoon, kaawaan mo kami.

(Walang Gloria sa panahon ng Kuwaresma)

Pambungad na Panalangin

P – Manalangin tayo. *(Tumahimik)*

Ama naming makapang-yarihan, iniutos mong pakinggan namin ang minamahal mong Anak na iyong kinalalugdan. Kami nawa'y makapakinabang sa iyong Salita upang sa pagdalisay nito sa aming kalooban kami ay lumigaya sa pagkakita sa iyong liwanag sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B – Amen.

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS



Unang Pagbasa

(Gen 22:1-2, 9a, 10-13, 15-18) (Umupo)

Ginantimpalaan ng Diyos ang pag-sunod ni Abraham sa pamamagitan ng pagliligtas sa buhay ni Isaac. Bukod dito'y pinagpala ni Yahweh ang lahi ni Abraham.

Pagbasa mula sa aklat ng Genesis

NOONG mga araw na yaon: sinubok ng Diyos si Abraham. Tinawag siya ng Diyos at tumugon naman siya.

Sinabi sa kanya, “Isama mo ang pinakamamahal mong anak na si Isaac, at magpunta kayo sa lupain ng Moria. Umakyat kayo sa bundok na ituturo ko sa iyo, at ihandog mo siya sa akin.”

Pagsapit nila sa dakong itinuro ng Diyos, gumawa ng dambana si Abraham. Nang sasaksakin na niya ang bata, tinawag siya ng anghel ng Panginoon at mula sa langit ay sinabi: “Abraham, Abraham! Huwag mong patayin ang bata. Huwag mo siyang saktan! Naipakita mo nang handa kang sumunod sa Diyos, sapagkat hindi mo ipinagkait sa kanya ang kaisa-isa at pinakamamahal mong anak.”

Paglingon niya'y may nakita siyang isang lalaking tupa na ang mga sungay ay napasabit sa mga sanga ng kahoy. Ito ang kinuha ni Abraham at inihandog kapalit ng kanyang anak. Mula sa langit, nagsalitang muli kay Abraham

ang anghel ng Panginoon. Wika nito, “Akong Panginoon ang nangangako sa iyo: yamang hindi mo ipinagkait sa akin ang kaisa-isa mong anak, pagpapalain kita. Ang lahi mo'y magiging sindami ng bituin sa langit at ng buhangin sa dagat. Lulupigin nila ang mga lungsod ng kanilang mga kaaway. Sa pamamagitan ng iyong lahi, pagpapalain ang lahat ng bansa sa daigdig sapagkat ikaw ay tumalima sa akin.”


— Ang Salita ng Diyos.

B – Salamat sa Diyos.

Salmong Tugunan (Slm 115)

T – Sa piling ng Poong mahal ako'y laging mamumuhay.

Sr. M. C. A. Parco, FSP



1. Laging buhay ang pag-asa, patuloy ang pananalig,/ bagamat ang aking sabi'y, “Ako'y ganap nang nalupig.”/ Masakit sa kalooban ng Poon kung may papanaw,/ kahit ito ay iisa, labis siyang magdaramdam. **(T)**

2. Panginoon, naririto akong inyong abang lingkod,/ katulad ng aking ina, maglilingkod akong lubos;/ yamang ako'y iniligtas, kinalinga at tinubos./ Ako ngayo'y maghahandog ng haing pasasalamat,/ ang handog kong panalangi'y sa iyo ko ilalagak. **(T)**

3. Kapag nagsasama-sama ang lahat ng iyong hirang,/ sa templo sa Jerusalem, ay doon ko ibibigay./ Ang anumang pangako kong sa iyo ay binitiwang. **(T)**

Ikawalang Pagbasa (Rom 8:31b-34)

Hindi ipinagkait ng Diyos ang buhay ng kanyang Anak upang iligtas ang tao sa kasalanan. Ang pagpapakasakit ni Hesus ay tanda ng dakilang pag-ibig sa atin ng Diyos.

Pagbasa mula sa sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Roma

MGA KAPATID: Kung ang Diyos

ay panig sa atin, sino ang laban sa atin? Hindi niya ipinagkait ang sarili niyang Anak kundi ibinigay para sa ating lahat. Kung naipagkaloob niya sa atin ang kanyang Anak, hindi ba niya ipagkaloob sa atin ang lahat ng bagay, kasama ng kanyang Anak? Sino ang maghaharap ng sakdal laban sa mga hinirang ng Diyos, gayung ang Diyos ang nagpapawalang-sala sa kanila? Sino nga ang hahatol ng kaparusahan? Si Kristo Hesus bang nasa kanan ng Diyos? Siya pa nga ang namatay at muling binuhay, at ngayo'y namamagitan para sa atin.

— Ang Salita ng Diyos.

B – Salamat sa Diyos.

Awit-Pambungad (*Tumayo*)

B – Sa ulap na maliwanag ito ang siyang pahayag ang D'yos Ama na nangusap: "Ito ang mahal kong Anak lugod kong dinggin ng lahat."

Mabuting Balita (Mc 9:2–10)

P – Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Marcos
B – Papuri sa iyo, Panginoon.

NOONG panahong iyon: Umakyat si Hesus sa isang mataas na bundok. Wala siyang isinama kundi sina Pedro, Santiago, at Juan. Samantalang sila'y naroon, nakita nilang nagbagong-anyo si Hesus, nagingning ang kanyang kasuotan na naging puting-puti, anupa't walang sinumang makapagpapaputi nang gayun. At nakita ng tatlong alagad si Moises at si Elias, na nakikipag-usap kay Hesus. Sinabi ni Pedro kay Hesus, "Guro, mabuti pa'y dumito na tayo. Gagawa po kami ng tatlong kubol: isa sa inyo, isa kay Moises, at isa kay Elias." Hindi nalalaman ni Pedro ang kanyang sinasabi sapagkat masyado ang takot niya at ng kanyang mga kasama. At nililiman sila ng isang alapaap at mula rito'y may tinig na nagsabi, "Ito ang minamahal kong Anak. Pakinggan ninyo siya!" Pagdaka, tumingin ang mga alagad sa paligid nila at nakitang wala na silang kasama roon kundi si Hesus.

Habang bumababa sila sa bundok ay mahigpit na itinagubilin sa kanila ni Hesus: "Huwag ninyong sasabihin kaninuman ang inyong nakita hangga't hindi muling nabubuhay ang Anak ng Tao." Sinunod nila ang tagubiling ito, ngunit sila-sila'y nagtanungan kung ano ang kahulugan ng sinabi niyang muling pagkabuhay.

— Ang Mabuting Balita ng Panginoon.

B – Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo.

Homiliya (*Umupo*)

Pagpapahayag ng Pananampalataya (*Tumayo*)

P- Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkatawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nanga-bubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen.

Panalangin ng Bayan

P – Ipinahayag sa atin ng Ama na makakamit lamang natin ang kaligtasan kung haharapin natin ang pagdurusa at sakit katulad ng ginawa ng kanyang Anak. Sa kabila ng ating kasalanan at mga kahinaan, dumalangin tayo:

T – Panginoon aming liwanag, dinggin mo ang iyong bayan.

L – Sa kabila ng laganap na materyalismo, patuloy nawang ipahayag ni Papa Francisco, ng

mga obispo, diyakono, pari, mga relihiyoso at relihiyosa ang kahalagahan ng simpleng pamumuhay at pagtulong sa mga mahihirap. Manalangin tayo: **(T)**

L – Pakinggan nawa ng mga namumuno sa pamahalaan ang tinig ng mga naghikahos, mga inaalipusta, mga biktima ng karahasan. Mabigyan nawa sila ng katarungan. Manalangin tayo: **(T)**

L – Lumago nawa kami sa pananampalataya at pagtitiwala upang hindi kami madaig ng kamatayan at manatiling panatag sa gitna ng mga pagsubok sa buhay. Manalangin tayo: **(T)**

L – Maaninag nawa ng mga kapatid naming yumao ang kaningningan ng Panginoon sa buhay na walang hanggan. Manalangin tayo: **(T)**

L – Sa ilang sandali ng katahimikan, ating ipanalangin ang iba pang mga pangangailangan ng ating pamayanan pati na rin ang ating pansariling kahilingan (*Tumahimik*). Manalangin tayo: **(T)**

P – Ama, punuin mo po kami ng iyong mga biyaya. Sa pagdiriwang namin sa pagbabagong-anyo ng iyong Anak, mapuno nawa ang bawat sandali ng aming buhay ng pananalig sa iyo.

Hinihiling namin ito sa pamamagitan ni Kristong aming Panginoon.

B – Amen.



Paghahain ng Alay (*Tumayo*)

P – Manalangin kayo...

B – Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

Panalangin ukol sa mga Alay

P – Ama naming Lumikha, ang paghahaing ito ay magdulot nawa ng kapatawaran ng aming mga kasalanan at magpabanal sa aming buong katauhan para sa pagdiriwang ng Pasko ng

Pagkabuhay sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan. **B – Amen.**

Prepasyo (ng *Pagliliwanag sa pagbabagong-anyo ng Panginoon*)

P – Sumainyo ang Panginoon.

B – At sumaiyo rin.

P – Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa.

B – Itinaas na namin sa Panginoon.

P – Pasalamat natin ang Panginoong ating Diyos.

B – Marapat na siya ay pasalamat.

P – Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamat sa pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon.

Nang maipagtapat niya sa mga alagad na siya’y laang mamatay para sa lahat, sa kanila’y kanyang ipinamalas ang kanyang sariling puspos na liwanag. Ang iyong mga Utos at mga Propeta ay pawang mga tagapagpatunay niya sa pagkakatalagang para sa kapwa’y magdusa upang akayin ang lahat sa pagkabuhay na maligaya.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami’y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

B – Santo, Santo, Santo Panginoong Diyos ng mga hukbo! Napupuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo! Osana sa kaitaasan! Pinagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon! Osana sa Kaitaasan! (Lumuhod)

Pagbubunyi (Tumayo)

B – Sa krus mo at pagkabuhay kami’y natubos mong tunay, Poong Hesus naming mahal, iligtas mo kaming tanan ngayon at magpakailanman.

PAKIKINABANG

Ama Namin

B - Ama namin...

P – Hinihiling naming...

B – Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen.

Pagbati ng Kapayapaan

Paanyaya sa Pakikinaabang (Lumuhod)



SAMBUHAY MISSION APPEAL

Be a mission partner for Sambuhay!



Sambuhay Misalette and Sambuhay TV now offer you a chance to reach its nearly a million readers and viewers. We share our "sacred space" for

- Vocation promotions
- Invitations from Catholic communities and other groups
- Announcements for special programs and activities
- Local and international pilgrimages
- Other church and faith-based matters

MEDIUM	DURATION	AD RATE
Sambuhay Sunday Misalette (English or Filipino)	1 SUNDAY	P 4,000
Sambuhay Sunday Misalette (Hiligaynon)	1 SUNDAY	P 1,500
Sambuhay First Friday	1 FRIDAY	P 2,000
Sambuhay Sunday Misalette (English or Filipino)	8 SUNDAYS (2 months)	P 25,000
Sambuhay TV	1 EPISODE	P 5,000

Contact details

88959701 to 04 loc. 607 88953416

sambuhay.missalette@gmail.com marketing@stpauls.ph

Facebook.com/sambuhaymisalettePH Facebook.com/sambuhay.missalette

P – Ito ang Kordero ng Diyos. Ito ang nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

B – Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

Antipona sa Komunyon (Mt 17:5)

Ito ang Anak kong mahal, na aking kinalulugdan ng buo kong kalooban. Siya ay inyong pakinggan at sundin sa pangangaral.

Panalangin Pagkapakinabang (Tumayo)

P – Manalangin tayo. (Tumahimik)

Ama naming mapagmahal, kaming pinapakinabang mo sa dakilang pagliliwanag sa bagong anyo ng iyong Anak ay tumatanaw ng utang na loob sa iyo sapagkat kahit ngayon pa man sa lupang ibabaw pinapagsasalo mo na kami sa kariktan ng kalangitan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan. **B - Amen.**

PAGTATAPOS

P - Sumainyo ang Panginoon. **B - At sumaiyo rin.**

Pagbabasbas

P – Yumuko kayo’t hingin ang biyaya ng Diyos. (Tumahimik)

Ama naming mapagpala, lingapin mo ang iyong angkan pakundangan sa pag-ibig ni Hesukristo na hindi tumanggap magdusa sa kamay ng mga makasalanan hanggang sa kamatayan sa krus siya’y mamatay ngunit ngayon siya ay nabubuhay kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan. **B – Amen.**

P – Pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos, Ama at Anak (†) at Espiritu Santo.

B – Amen.

Pangwakas

P - Tapos na ang Banal na Misa. Humayo kayong taglay ang kapayapaan upang ang Panginoon ay mahal in at paglingkuran.

B - Salamat sa Diyos.

SUBSCRIBE TO OUR SAMBUHAY DIGITAL MISSALETTE

For inquiries and orders:

Sambuhay@stpauls.ph

(02) 8895-9701